AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 5

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***“Matandang Matabang Pusa” na isinulat ni Virgilio S. Almario.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 5** |
|---|
| Book Title: Matandang Matabang Pusa |
| Author: Virgilio S. Almario |
| Source: Buri Books |

Hi! Kamusta na tayo today? Si Teacher Robyn ulit to ng AHA. Today, babasahin natin ang “Matandang Matabang Pusa” ni Ginoong Virgilio Almario. 👨🏽🏫

Naalala ba natin si Virgilio Almario yung nagsulat ng kuwento natin kahapon? May award siya para sa mga kuwento niya! 📝 Ang tawag dito at Carlos Palanca Award. 🏆

Kung galingan natin sa pagsulat at pagbasa natin, kayang-kaya rin natin makuha ang Award na to! 🥇

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Ulitin lang natin yung promises natin sa isa't isa kahapon. Naaalala pa ba natin? ☺
(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣
(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓
(3) ‘wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

💬 **TALASALITAAN**

Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔

**(1) Lampa**
**(2) Makadakma**
**(3) Hamog**
**(4) Mahuhusay (husay)**

Ready na? Game na!

--

📚 **MATANDANG MATABANG PUSA NI VIRGILIO S. ALMARIO**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Ano ba ang magagawa ng isang matandang matabang pusa?
• Mabagal at lampa ni hindi makadakma ng payat na daga.
• Madalas madulas, madalas madapa;
Madaling manlambot, madaling maantok;
• Masamang magulat kapag natutulog;
• Masamang masamang mabilad sa hamog
• Ano ba ang magagawa ng isang matandang matabang pusa kundi...
• Magbasa, magbasa ng mahuhusay na libro
• Mag-isip, patalasin ang ulo, mag-ipon ng talino, habang humahaba kumakapal ang balahibo at kung hating gabi, mangarap lumipad, manood ng mundo sa piling ng marurunong na kuwago hanggang bumalik si Pebo.

Medyo nakakalito yung magkatunog na salita, no? Okay lang! Dahan-dahan lang, kaya rin yan! Naalala ba nating bigkasin ang kada-linya?

--

✏️ **GAWAIN**
Balikan natin ang kuwento ng Matandang Matabang Pusa!

🔎 Hindi ba ang karaniwang ginagawa ng pusa ay mag-habol ng daga? Pero bakit kaya hindi na kaya ni Matandang Matabang Pusa? Balikan natin ang unang parte ng kuwento. Siya ay, madalas madulas, madalas madapa, madaling manlambot, at madaling maantok!

🔎 Ang ating Matandang Matabang Pusa ay parang Lola o Lolo na! Balikan ang kuwento, siya ay "Masamang magulat kapag natutulog," o ayaw niyang ginigising.

Ano pa ang mga katangian ni Matandang Matabang Pusa na siya'y parang Lola o Lolo?

🔎 Sa bandang huli, mistulang naging mahika ang kuwento ng Matandang Matabang Pusa! Ano ang mga nagagawa ng Matandang Matabang Pusa na hindi nakarinwang nagagawa ng ibang pusa? Siya ay nakalipad, nakakabasa, napapanood ang mundo kasama ang kaibigan niyang mga kuwagi hanggang umuwi ang kanyang amo na si Pebo.

May alaga ba tayo na hayop sa bahay? Kung mag-iisip tayo ng adventure na pwede nitong gawin habang hindi tayo nakatingin, ano kaya ito? Mga kuwentong mahika rin ba?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**

Kapag hindi natin nagagawa ang karaniwang nagagawa natin, kung dahil may sakit man tayo, o parang ngayon na bawal tayo lumabas, pwedeng-pwede na gamitin natin ang ating imahenasyon para magka-adventure! Minsan nga, mas masaya pa mag-imagine, mag-sulat, at mag-basa, kesa manood ng TV diba? Kase hindi tulad ng TV, kung ikaw ang nag-iisip, nasasayo ang mangyayari sa kuwento!

Yay! Tapos na! May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.